



MGA TAMPOK

Pagreporma ng Rate

*Mga update sa pagpapatupad para sa mga
Provider ng Serbisyo*

Pebrero 2024

Ang DDS ay aktibong naghahanda para sa ganap na pagpapatupad ng pagreporma sa rate alinsunod sa seksyon 4519.10 ng Welfare and Institutions Code (WIC).

Iminumungkahi ng 2024 na Badyet ng Gobernador na ibalik ang ganap na pagpapatupad sa orihinal na petsa na Hulyo 1, 2025 mula sa pinabilis na petsa na Hulyo 1, 2024, depende sa pagiging available ng mapagkukunan. Kasama sa iminumungkahing badyet ang pagpapatuloy ng pagpopondo sa de-kalidad na programa sa insentibo na higit sa mga modelo ng rate sa buong taon ng pananalapi na 2024/25.

Alinsunod sa umiiral na batas (Seksyon 4519.10 ng WIC), magpapatuloy ang DDS na maghanda para sa ganap na pagpapatupad ng pagreporma ng rate at gumawa ng mga kinakailangang pagbabago upang mas mapaglingkuran ang mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo ng regional center at kanilang mga pamilya. Kabilang dito ang paghahanda para sa pag-apruba ng pederal sa pagpapatupad, na nangangailangan ng pag-post ng isang iminungkahing pagbabago sa HCBS 1915(c) na Waiver para sa 30 araw na panahon para sa pagkomento ng publiko. Maaaring makita [online](#) ang pagbabago para masuri at makomentohan.

Masalimuot ang mga pagbabago para ipatupad ang pagreporma sa rate at naninindigan ang DDS sa pagbibigay ng mga update sa buong prosesong ito. Ang serye na ito ng mga Tampok sa Pagreporma sa Rate ay naglalayong panatilihin ang ating komunidad na may-alam para alam ninyo kung ano ang aasahan at kung paano maghanda.

KASAYSAYAN

Noong 2019, kinomisyon ng Lehislatura ang isang masinsinang pag-aaral ng kung paano ipinagkakaloob at binabayaran ang mga serbisyo sa mga indibidwal na may kapansanan sa pag-unlad sa buong estado. Ang komprehensibong pag-aaral na ito ay humantong sa pagbuo ng mga panukala sa pagreporma sa rate na naghahangad na gawing mas na-access ang mga serbisyo, mas patuloy na naipagkakaloob sa iba't ibang rehiyon ng estado, at binabayaran sa paraang malinaw at pantay.

Makikita ang higit na impormasyon sa website ng [DDS dito](#).

Kasama ang:

- Mga Modelo ng Rate
- Mga Service Code na Kasama sa Pagreporma sa Rate

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Tinutukoy ng DDS ang mga pagbabagong kailangan para i-standardize ang mga service code at billing code para sa bawat uri ng serbisyo. Para sa ilang uri ng serbisyo, hinihikayat ng DDS ang mga regional center, provider ng serbisyo, at partner ng komunidad na magbigay ng input sa prosesong ito.

Mangyayari ang mga pagbabago nang paunti-unti.

Dahil alam ng DDS na ang ilan sa mga pagbabago ay maaaring gawin ayon sa mga yugto, tinukoy nito ang mga sumusunod:

- **MGA PROGRAMANG PANG-ARAW:** Ang pagpapalagay ng modelo ng rate na lumipat sa kada oras na pagsingil ay hindi kakailanganin hanggang sa hindi bababa sa isang taon pagkalipas ng ganap na pagpapatupad ng modelo ng rate. Ang mga provider na kasalukuyang gumagamit ng arawang rate ay maaaring magpatuloy hanggang sa susunod na abiso.
- **MGA PROGRAMANG PANG-ARAW NA NAKATUON SA PAG-UUGALI:** Bagama't ipinagpalagay ng modelo ng rate na ipagkakaloob ng mga registered behavior technician (mga RBT) ang direktang pangangalaga, sa tulong ng input ng komunidad, bubuo ng mga alternatibong kinakailangan para tugunan ang layunin ng mga pagpapalagay sa modelo ng rate, tulad ng karanasan at/o pagsasanay sa kawani.
- **MGA PROGRAMANG-PANG-ARAW NA NAKATUON SA MEDIKAL:** Bagama't ipinagpalagay ng modelo ng rate na ipagkakaloob ng mga certified nursing assistant (mga CNA) ang direktang pangangalaga, sa tulong ng input ng komunidad, bubuo ng mga alternatibong kinakailangan para tugunan ang layunin ng mga pagpapalagay sa modelo ng rate, tulad ng karanasan at/o pagsasanay sa kawani.

Magbibigay ng impormasyon para sa bawat uri ng serbisyo.

Ang nakasulat na patnubay at mga mapagkukunang materyales ay bubuuin para suportahan ang pag-unawa ng mga provider ng serbisyo tungkol sa kung ano ang inaasahan, at ipagkakaloob ang pagsasanay at teknikal na tulong kung kinakailangan.

Magpapatuloy ang DDS na magbahagi ng impormasyon sa sandaling magkaroon nito. Kung nai-forward sa iyo ang email na ito, puwede kang [mag-sign up para maidagdag sa listahan ng pagpapadalhan ng DDS dito.](#)

ANTABAYANAN ANG

Patnubay

*Mga Madalas Itanong
(Mga FAQ)*

Training/Webinars

Technical Assistance

MGA TANONG?

MGA INDIBIDWAL NA TUMATANGGAP NG MGA SERBISYO AT MGA PAMILYA

Pakikontak ang service coordinator sa inyong regional center.

MGA PROVIDER NG SERBISYO

Kontakin ang Departamento ng mga Serbisyong Pangkomunidad (Community Services Department) ng inyong regional center.

MGA REGIONAL CENTER

Mag-email sa ratesquestions@dds.ca.gov